ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 09

NAG-AATAS SA REORGANISASYON NG "MARILAO PUBLIC SAFETY COMMAND CENTER (MPSCC)" SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksyon 17 ng *Local Government Code* o *R.A. No. 7160*, ang pag-atas sa mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan na itaguyod ang kaligtasan, suportahan ang pagbuo ng mga naaangkop na kakayahang pang-teknolohiya, at mapanatili ang kapayapaan, kaayusan, at kaginhawaan ng kanilang mga nasasakupan;

SAPAGKAT, upang gawing epektibo ang nasabing probisyon, ang Pamahalaang Bayan ng Marilao, sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Bayan, ay nagpatupad ng pagsubaybay sa pampublikong kaligtasan, kapayapaan at kaayusan sa mga estratehikong lokasyon sa pamamagitan ng paggamit ng modernong teknolohiya tulad ng mga *closed circuit television (CCTV) camera, radio communications equipment, cellular phone*s at iba pang katulad na mga *gadget*;

SAPAGKAT, ang mga nabanggit na makabagong teknolohiya ay makatutulong sa mga awtoridad sa pagpapatupad ng batas, sa mga *rescue groups* at *emergency personnel* na agad na makatugon sa mga kritikal na sitwasyon, gayundin sa mga mamamayan para sa pagsubaybay at pag-ulat ng mga insidente;

SAPAGKAT, kinakailangan ang reorganisasyon ng umiiral na *"Marilao Public Safety Command Center (MPSCC)"* upang isaalang-alang ang pagbabago sa komposisyon ng ilan sa mga miyembro nito;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. REORGANISASYON NG "MARILAO PUBLIC SAFETY COMMAND CENTER". - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay muling binubuo ang *Marilao Public Safety Command Center* (*MPSCC* para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo / Responsible Official	:	**IGG. RICARDO M. SILVESTRE** Punong Bayan
Pangalawang Tagapangulo / Commanders	:	**G. WILFREDO D. DIAZ** Pambayang Tagapangasiwa
		G. FROILAN R. ANGELES Kawaksing Tagapagpaganap
Tagapamahala	:	**G. REYMOND ALLAN O. SANTOS** LYDO / MDP Coordinator
Response Clusters	:	**IGG. ARNOLD T. PAPA** Tagapangulo, SB Lupon sa Kapayapaan at Kaayusan
		ATTY. RAUL M. CHAN Pambayang Abogado
		GNG. DOROTHY B. BONIFACIO Pambayang Seksyon ng Pagbabawas ng Panganib at Pamamahala ng Sakuna

DR. CECILIA S. MARAMBA
Pambayang Tanggapan ng Kalusugan

GNG. KAREN ROSE D. VICENTE
Pambayang Seksyon ng Teknolohiyang
Pang-impormasyon

G. RHYAN D. DELOS REYES
Pambayang Seksyon ng Impormasyong
Pampubliko

ENGR. MAGTANGGOL C. SAN MIGUEL
Pambayang Tanggapan ng Pag-iinhinyero

G. MARTIN ARMANDO C. CRUZ
Pambayang Tanggapan ng Pahintulutan
at Paglilisensya ng Negosyo

P/SUPT. AMADO A. MENDOZA, JR.
PNP-Marilao

F/SINSP. JACKY L. NGINA
BFP-Marilao

PCPL. JOSEDEL TADI
Traffic Management Supervisor, PNP-Marilao

ENGR. REYNALDO S. BUENAVENTURA
Pambayang Seksyon ng Kapaligiran
at Likas na Yaman

BB. RUTH V. RAMOS
Pambayang Tanggapan ng Kagalingan
at Pagpapaunlad Panlipunan

G. ARNOLD DIVINO B. VYTINGCO
Focal Person / VCP

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang *MPSCC* ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Magtatag at magbuo ng isang sistema ng pagsubaybay, pagsusuri, pag-uulat at pagtugon sa kaligtasan at kapayapaan ng publiko at mga kaganapan o insidente na nangangailangan ng agarang atensyon, pagtugon at pagkilos;

b. Pangasiwaan ang *CCTV* at *Radio Operations Center* ng Pamahalaang Bayan ng Marilao;

c. Makipag-ugnayan sa pambansa at lokal na mga tanggapan, ahensya, *Non-Government Organization (NGOs)*, *Civil Society Organization (CSOs)* at iba pang indibidwal para sa kaligtasan, kapayapaan at kaayusan ng publiko at mga kaugnay na isyu;

d. Itaguyod at panatilihin ang *database* ng mga grupo at indibidwal na may kakayahan at kahandaang tulungan ang *MPSCC* sa pagganap ng mga tungkulin at responsiblidad nito;

e. Sanayin ang mga grupo at indibidwal sa wastong paggamit ng radyo at iba pang kagamitan sa komunikasyon, pati na rin ang iba pang mga kasanayan na may kaugnayan sa kaligtasan ng publiko at pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan sa komunidad; at

f. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan;

SEKSYON 3. **PONDO.** Ang mga pondo para sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng *MPSCC* ay magmumula sa Tanggapan ng Punong Bayan at dapat maisama sa taunang badyet ng nasabing Tanggapan.

SESYON 4. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *MPSCC* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 6. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 7. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-**10** ng **Marso**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

(SGD.) RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan